**Christian Benitez**

# Sapagkat Pag-ibig ang Tuod sa Pinakamahabang Bugtong sa Kasaysayan

Kung paanong nagsadagat
Itong bumbong kung liwanag,

At paanong ang liwanag
Ay ang bumbong, ay ang dagat,

Ay ang langit, ay ang ibon—
Itong ibon, walang tikom,

Hanggang ito'y sumadagat,
Isang araw, nambagabag:

*Dagat*, *langit, sabi, dagat,*
*Dagat, dagat, ikaw, hamak!*

At ang dagat—ay, ang galit!,
Kaya ibo'y sumalangit,

Tumatangis, *Alon, dagat,*
*Abot, langit*, at naglamat

Ang daigdig, dahil langit,
Isang saglit, biglang galit

Itong lupa, inihulog,
At ang dagat, nagkahubog—

At doon nga ay umahon:
Pulo! Pulo! Basta't naro'n

Na nga lamang, isang araw,
At kung bakit, di malaman,

Kung hiwaga, o hinagap
Na kay layo't di mahanap

Na, at noo'y isang ibon
Ang humamak at nagsibol

Sa sandagat at sanlangit
Ng sigalot, ang ligalig

Na nagdulot na maghubog
Itong dagat, nang mahulog:

*Pulo, pulo!*... At marahan
Ding umusbong: kadawagan,

At doon, *Ay! May sumibol!*
May sumibol, *pinasibol*

Ng Kung-Sino, ay marahil,
Ngunit walang magpaamin

(Dahil di ba'y ang humamon
Sa hiwaga'y buong hapong

Maglulubid ng ligalig,
Magtatali ng panganib)

Kayâ, sapat nang manalig—
*Bumbong*, *ibon*, *dagat*, *langit*.

Ngunit bibig, dumalumat
Ng alamat, umapuhap,

Sapagkat nga, ang hamunin
Ang hiwaga ay ang kunin

At hawirin, at awitin
Nang awitin, at ulitin,

Kaya bibig ay inawit,
Buong tinig, labis, labis

Ang hiwagang hinugutan
Ay kawalan, milaúnang

Ibig-bibig: *Noong unang*
*Noong una. . .* —mula umang

Kay rilim, ay! biglang naro'n:
Mga pulo, dawag, dahon,

Panahon. . ., Ay! kay liwanag
Nitong bibig, naibálak
Mula dilim: Sansinukob,
Na ulayaw ang humubog

Mula wala. Kayâ súlong
Ang salaysay! Kayâ túbong,

Alingawngaw, ang ulayaw:
*Tumubo nga, isang araw,*

*Ang anuman* (at kung *Bakit*
At *Paano*, ay kay labis

Nang tanungin; matutuhan
Kayâ nating kahulúgan

Ang tahimik? Ang bigláa'y
Bigla lamang, mawawáang

Salalayang kasaysáya'y
Katha lamang, bibig lámang,

Kayâ—basta!), *isang araw*:
*Isang bumbong, nataláan.*

At iyon nga (o, ang wangis)—
Kasaysayan (walang *Bakit*

O *Bakit pa*), ang Liwanag
Na Kawalang-Paliwanag,

Ang karimlang paninilang
Pagsasapat sa pagwikang

*Tumubo nga isang araw*
*Ang tumubo na nga lamang*

—Na ano ba ang pangalan,
Nitong biglang nar'ong bagay?

Bakit *bumbong* ang pantukoy
At ang *bakit* ay pang-ukol

Para saan? Ano'ng *bakit*,
At parating mapanganib,

Kung hindi rin itong *hapis*,
At ang *dusa*, *sugat*, *sákit*,
Ay, kay sakít! Kayâ *bakit*
Naman hindi, na sa langit,

Itong bibig ay tumangis,
Sa salita ay gumamit

Bilang talim: Bumbong—*sugat*—
At ang tao ang bumungad;

Mula tao, ang liwanag,
At ang bibig, na ang gáyas

Ay daigdig, walang kabig:
Nagsadagat, nagsalangit,

Nagtatali sa hiwagang
Di-mahawan, sapantahang

Tanong: *Bakit*, at *Paanong*
*Nagkagayon*, at *Gaano'y*

*Kakailan*? Mahihirang
Bilang sugat itong siwang,

Ngala'y bibig, ang pag-ibig
Nito'y punan, buong pilit,

Ang—*ano nga?* Anong ngalan
Bago itong *kasaysayan*,

Pagkaraa'y *Bakit*, *Bakit*
*Nga*, *Bakit pa*? Anong sákit

Ang ninais, sa paghawid,
Pag-ibig pa sa pasakit

Ng sariling bibig, tinig,
Umuulyaw sa Sanhímig?

Nakakapagpabagabag
Ang kawalang-magagagap

Na sarili. Kayâ ibig
Ang lumikhang, mula tinig,

Nitong bibig: *langit, dagat,*
*Ibon, bumbong*—Kay liwanag
Sa pagbuka nitong yungib,
Na ang dilim din ang ulit,

At sa dilim umiibig
At iibig sa pagpilit,

Bukambibig nang tahimik,
Bugtong nitong kay panganib:

*Bakit bumbong kung liwanag*
*At kung gabi'y bakit dagat,*

*At di gabi ang liwanag,*
*At ang bumbong ay di dagat?*

# Pangarap

Sa tuwing papasók na ang bus sa Lungsod ng Baguio,
kakatwa para sa iyo na pinagmamasdan ko ang mga bundok ng ilaw
na para bang mga talàng tinitingala ko sa mga gabing walang buwan.

Sa ganitong paraan nararanasan kong maglakbay at mapalibutan ng lawas
ng kalawakan. Para sa iyo, walang katumbas ang kagustuhan mong
masaksihan ang laksa-laksang paglipad ng mga alitaptap sa iláng.

Doon ay pipilitin mong lambatin ang ilan sa mga ito, upang ilagay
sa isang garapon. Habang nagbabaga sa nanlalaki mong mga mata
ang umaandap-andap na buhay ng iyong mga nahúling bituin,

pinapaalala nito na ang bawat gabing walang buwan
ay pinakikinang ng mga nagmumultong kislap sa langit.